

Teksto Para sa mga Dayuhang Mag-aaral

(Sibika)

外国人生徒のための学習資料（公民）

Sanggunian ng Edukasyon ng Perekatura ng Hyogo

Sentro ng mga Kabataan na Mula sa Iba't Ibang Kultura

(1) Para Kanino?

Ang kahaliling-aklat na ito ay ginawa para sa mga mag-aaral ng junior high school na nag-aaral ng sibika.

(2) Bakit?

Maraming mga mahihirap na salita ang makikita sa aklat Sibika ng junior high school. Subali't sa kahaliling-aklat na ito ay mas madadaling salita ang ginamit na may kasamang larawan at dayagram o guhit para inyong madaling maintindihan.

(3) Paano Gamitin?

Ang mga salita na nakapaloob sa kahaliling-aklat na ito ay pinili mula sa nakaraang pagsusulit ng pasukan.

Salitang nais alamin

Sistemang Parlamento ng Pamahalaan

◆ Ano: Sistemang may pinagsamang pananagutan ang Gabinete sa Batasan.
(1) Ang mga mamamayan ay pumipili ng mambabatas sa Batasan.
(2) Ang mga mambabatas ay pumipili ng Kataas-taasang Ministro ng Gabinete.
(3) Ang Kataas-taasang Ministro ng Gabinete ay pumipili ng ibang mga ministro.

```
graph LR; A[House of Representatives] --> B[Cabinet]; B --> C[Executive branch];
```

◆ Tanong Noong Nakaraang Pasukan na Pagsusulit ◆
Sa Konstitisyon ng bansang Hapon, ang Gabinete ay natataas batay sa katiwalaan ng Batasan at may pinagsamang pananagutan sa Batasan. Ano ang tawag sa sistemang ito?
☞ Sagot: Sistemang Parlamento ng Pamahalaan

Mga tanong mula sa nakaraang pagsusulit ng pasukan / Mga inaasahang tanong / Pang level-up na tanong

Talaan ng Nilalaman

Kabanata 1

Makabagong Lipunan at Lokal na Komunidad

- (1) NGO (Nongovernmental Organization, Di-Pampamahalaang Organisasyon) ----- 1
- (2) ODA (Official Development Assistance) ----- 2
- (3) ASEAN (Association of Southeast Asian Nations, Samahan ng mga Bansa sa Timog-Silangang Asya) ----- 3
- (4) APEC (Asia-Pacific Economic Cooperation, Kooperasyong Ekonomiko sa Asya-Pasipiko) ---- 4
- (5) WTO (World Trade Organization, Organisasyon ng Pandaigdigang Kalakalan) ----- 5
- (6) Kapulungang Pangkapayapaan (Security Council) ----- 6
- (7) Kapangyarihang Beto (Veto Power) ----- 7
- (8) UNESCO (United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization, Kapisanang Pang-edukasyon, Pang-aguham, Pangkalinangan ng Nagkakaisang mga Bansa) ----- 8
- (9) Pag-init ng Daigdig (Global Warming) ----- 9
- (10) Asidong Ulan (Acid Rain) ----- 10
- (11) Saligang Batas Para sa Kapaligiran ----- 11

Kabanata 2

Karapatang Pantao at Konstitusyon ng Bansang Hapon

- (1) Kodigo Sibil (Civil Code) ----- 12
- (2) Batas Para sa Pagkapatay-pantay ng Pagkakataon ng Lalaki at Babae sa Trabaho (Act on Securing etc. of Equal Opportunity and Treatment Between Men and Women in Employment) ----- 13
- (3) Saligang Batas Para sa Lipunan na May Pagkapatay-pantay ng Lalaki at Babae (Basic Act for Gender-Equal Society) ----- 14
- (4) Walang Hadlang (Barrier-free) ----- 15
- (5) Karapatang Mabuhay (Right to Live) ----- 16
- (6) Karapatang Panlipunan (Social Right) ----- 17
- (7) Karapatan sa Kalayaan ----- 18
- (8) Dakilang Kapangyarihan ng Mamamayan ---- 19
- (9) Pampublikong Kapakanan ----- 20
- (10) Tungkulin ng Mamamayan ----- 21
- (11) Karapatan sa Pagsasarili (Right to Privacy) -- 22

Kabanata 3

Demokratikong Pamahalaan sa Kasalukuyan

- (1) Kautusan (Ordinance) ----- 23
- (2) Pinagbabahaging Badyet sa Lokal na Buwis --- 24
- (3) Karapatan sa Direktang Paghiling ----- 25
- (4) Batasan (Diet) ----- 26
- (5) Kapulungan ng Mga Kinatawan ----- 28
- (6) Gabinete ----- 29
- (7) Sistemang Parlamento ng Pamahalaan (Parliamentary System of Government) ----- 30
- (8) Pangkriminal na Paglilitis ----- 31
- (9) Taga-usig (Piskal) ----- 33
- (10) Kapangyarihang Magsiyasat ng Pagtatatag ng Batas sa Labag sa Konstitusyon ----- 34
- (11) Pagsisiyasat ng Mamamayan ----- 35

Kabanata 4

Buhay at Pangkabuhayan

- (1) Gastos sa Pampublikong Kagamitan ----- 36
- (2) Sistema ng Cooling-off ----- 37
- (3) Product Liability Law (PL Law, Batas sa Pananagutan sa Produkto) ---- 38
- (4) Antimonopoly Law ----- 39
- (5) Fair Trade Commission (Komisyon sa Makatarungang Kalakalan) ----- 40
- (6) Official Discount Rate ----- 41
- (7) Bubble Economy ----- 42
- (8) Labor Standards Law (Batas sa Huwaran ng Pagtatrabaho) ----- 43
- (9) Tumataas na Pagpapataw ng Buwis (Progressive Taxation) ----- 44
- (10) Buwis sa Kita (Income Tax) ----- 45
- (11) Buwis sa Paggamit (Consumption Tax) ----- 46
- (12) Panlipunang Segro (Social Insurance) ----- 47
- (13) Sistema ng Segro sa Pag-aalaga (Nursing Care Insurance System) ----- 48

Apendiks (Appendix) ----- 49

Talatuntunan (Index) ----- 53



Kabanata 1 Makabagong Lipunan at Lokal na Komunidad

(1) NGO (Nongovernmental Organization, Di-Pampamahalaang Organisasyon)

◆ Ano: Ang grupong ito ay tumutulong na walang kita sa mga taong naghihirap sanhi ng digmaan, mga natural na kalamidad (bagyo, lindol, tsunami at iba pa) at suliranin ukol sa karapatang pantao.

Tumutulong ang grupo na mapabuti ang kapakanan (para sa ligtas at matatag na buhay), ang pangangailangang medikal (lunasan ang sakit at pinsala), ang pagkalinga ng karapatang pantao (para sa matiwasay na buhay).

Ang halimbawa ng mga grupong ito ay sumusunod.

- International Red Cross
- Amnesty International
- Medecins Sans Frontieres



amnesty international Japan
すべての人が人権を享受できる世界を目指して



MEDECINS SANS FRONTIERES
国境なき医師団

◆ Inaasahang Tanong ◆

Isulat ang naaangkop na salita sa ().

Sa kasalukuyan, masigasig ang mga aktibidad ng mamamayan na hindi ginagawa sa isang bansa kundi sa ibang bansa din, at ang mga grupo tulad ng (1) na pinapaikli sa NGO at (2) na pinapaikli sa NPO ay gumagawa ng aktibidad sa buong mundo.

☞ Sagot: (1) Nongovernmental Organization, (2) Nonprofit Organization

(2) ODA (Official Development Assistance)

◆ Ano: Tumutulong ang pamahalaan sa mga bansang papaunlad pa lamang sa gamit ng pondo (pera) at teknolohiya.

◆ Inaasahang Tanong ◆

Ano ang tawag sa pangkabuhayang tulong ng pamahalaan sa mga bansang papaunlad pa lamang? Sagutin sa pinaikling tawag.

☞ Sagot: ODA

◆ Pang Level-up na Tanong ◆

Idugtong ang baba't salita sa naaangkop na paliwanag.

- NGO • • Nangangalaga ng mga gusali tulad ng pandaigdig na pamana (world heritage)
- NPO • • Nonprofit Organization (Di-pangkalakal na Organisasyon)
- UNICEF • • Nongovernmental Organization (Di-pampamahalaang Organisasyon)
- UNESCO • • Kumakalinga ng mga mahihirap na kabataan

☞ Sagot:

- NGO • • Nangangalaga ng mga gusali tulad ng pandaigdig na pamana (world heritage)
 - NPO • • Nonprofit Organization (Di-pangkalakal na Organisasyon)
 - UNICEF • • Nongovernmental Organization (Di-pampamahalaang Organisasyon)
 - UNESCO • • Kumakalinga ng mga mahihirap na kabataan
-

(3) ASEAN

(Association of Southeast Asian Nations, Samahan ng mga Bansa sa Timog-Silangang Asya)

- ◆ Kailan: Taong 1967
- ◆ Ano: Naitatag ng 5 bansa, Indonesia, Thailand, Malaysia, Singapore, at Philippines.
- ◆ Layunin: Pabilisin ang kaunlaran sa kabuhayan, lipunan at kultura sa Timog-Silangang Asya.
- ◆ Gawain: Itinataguyod ang pagtutulungan lalo na sa larangan ng ekonomiya.
- ◆ Iba pang mga kasaping bansa: Taong 1984 (Brunei)
Taong 1995 (Vietnam)
Taong 1997 (Myanmar at Laos)
Taong 1999 (Cambodia)

◆ Bandila:



◆ Suriin ang mapa.



◆ Inaasahang Tanong ◆


Ano ang tawag sa pandaigdig na organisasyong binubuo ng mga bansa ng Timog-Silangang Asya?

☞ Sagot: ASEAN (Association of Southeast Asian Nations)

(4) APEC

(Asia-Pacific Economic Cooperation, Kooperasyong Ekonomiko sa Asya-Pasipiko)

- ◆ Kailan: 1989.
- ◆ Ano: Naitatag ng 21 bansa at rehiyon tulad ng bansang Hapon, South Korea, USA, Canada, Australia.
- ◆ Gawain: Tinatalakay ang pakikipagtulangang pangkabuhayan ng mga kasaping bansa.
- ◆ Pagpupulong: Ginaganap ang taunang summit at pulong ng mga ministro ng gabinete.
- ◆ Tingnang mabuti ang mapa.



- ◆ Ginaganap sa bansang Hapon: sa Osaka noong taong 1995 at sa Yokohama noong taong 2010

◆ Tanong Noong Nakaraang Pasukan na Pagsusulit ◆ (Prepektura ng Tottori)

Tanong 1: Ang isang kilusan ng simulaing pampook (rehiyonalismo) ang APEC. Ano ang opisyal na pangalan ng APEC?

☞ Sagot: Asia-Pacific Economic Cooperation (Kooperasyong Pang-ekonomiko sa Asya-Pasipiko)

Tanong 2: Alin sa mga sumusunod na bansa ang hindi kasapi ng APEC?

- a. USA, b. Russia, c. Canada, d. UK

☞ Sagot: d

(5) WTO

(World Trade Organization, Organisasyon ng Pandaigdigang Kalakalan)

◆ Ano: Ito ay World Trade Organization.

Pumalit ito ng GATT (General Agreement on Tariffs and Trade, Pangkalahatang Kasunduan sa Mga Taripa at Kalakalan).

◆ Layunin: Alisin ang hadlang sa kalakalan upang paunlarin ang pandaigdig na kalakalan na malaya at walang hadlang.

◆ Mga may kaugnayan:

- (1) IMF (International Monetary Fund, Pandaigdigang Pongong Pananalapi)
- (2) IBRD (International Bank for Reconstruction and Development)
- (3) UNCTAD (United Nations Conference on Trade and Development)
- (4) OECD (Organization for Economic Cooperation and Development)

◆ Tanong Noong Nakaraang Pasukan na Pagsusulit ◆ (Prepektura ng Yamaguchi)

Tanong 1: Ano ang daglat ng pandaigdig na organisasyon na nagpapaunlad ng malayang kalakalan, kung saan naging kasapi ang China noong taong 2001?

☞ Sagot: WTO

Tanong 2: Ang tawag sa pandaigdig na organisasyon na nag-aalis ng hadlang sa kalakalan at nagpapaunlad ng malayang kalakalan ay [IMF / WTO].

☞ Sagot: WTO

Tanong 3: Piliin mula sa a-d ang isang maling paliwanag ukol sa malayang kalakalan.

- a. Sa malayang kalakalan, hindi ipinapataw ang mataas na taripa sa kalakal na angkat.
- b. Sa malayang kalakalan, walang limitasyon ang uri at dami ng kalakal na angkat.
- c. Maaaring pangangalagaan ang industriya ng sariling bansa sa pamamagitan ng malayang kalakal.
- d. Gumaganap ang World Trade Organization (WTO) sa United Nations upang mapanatili ang malayang kalakalan sa buong mundo.

☞ Sagot: c

(6) Kapulungang Pangkapayapaan (Security Council)

- ◆Ano: Ito ay pinakamakapangyarihang organisasyon ng Nagkakaisang mga Bansa (United Nations). Nananatili ang organisasyong ito ng pandaigdig na kapayapaan at kaligtasan.

Halimbawa, kapag sinalakay ang isang maliit na bansa ng bansang may malaki at matatag na hukbo, siya ay nagkakaproblema at nanganganib. Ang Nagkakaisang mga Bansa (United Nations) ang gumagawa ng hakbang sa ganitong kalagayan. Maaaring matagalan at maging huli ang paggawa ng hakbang kung magpupulong-pulong ang lahat ng mga bansa sa buong mundo at magsisimulang mag-usap tungkol dito. Kaya may kapulungang dalubhasang nag-aasikaso ng “pagpapanatili ng kapayapaan”. Ito ay Kapulungang Pangkapayapaan (Security Council).



Watawat ng Nagkakaisang mga Bansa (United Nations)

<http://www.sarago.co.jp/nfhtm/0k.html>

◆Pang Level-up na Tanong◆

Lima ang palaging kasapi ng Kapulungang Pangkapayapaan. Alin ang tama?


- | | | | | | |
|----------|---|----------|--|----------|--|
| A | <ul style="list-style-type: none">•USA•France•UK•China•Russia | B | <ul style="list-style-type: none">•USA•France•Italy•China•Russia | C | <ul style="list-style-type: none">•USA•France•UK•China•Germany |
|----------|---|----------|--|----------|--|

☞ **Sagot: A**

(7) Kapangyarihang Beto (Veto Power)


◆ Ano: Ang karapatang humindi o tumanggi. Ang limang bansang palagiang kasapi ng Kapulungang Pangkapayapaan lamang ay may kapangyarihang ito. Nananatili ang Kapulungang Pangkapayapaan ng pandaigdig na kapayapaan at kaligtasan. Kahit na isang bansa lamang sa mga bansang palagiang kasapi (USA, UK, France, Russia at China) ay tumutol, walang magaganap na hakbang. Ang kapangyarihang ito na mayroon ang mga bansang palagiang kasapi ay tinatawag na kapangyarihang beto (veto power).

◆ Pang Level-up na Tanong ◆



- ① Ito ay para sa pagpapabuti ng pamumuhay ng mga nakatira sa bansang papaunlad pa lamang. Pangalawa sa pinakamalaki sa buong mundo ang halaga ng pondong ginagamit ng bansang Hapon para dito.
- ② Pinapangalagaan nila ang mga kabataan sa buong mundo.
- ③ Ang organisasyong binuo ng 10 mga bansa sa Timog-Silangang Asya para paunlarin ang kabuhayan at kultura.
- ④ “Kalusugan para sa lahat” ang salawikain nila. Ang punong himpilan ay nasa Geneva.

							④
			②		③		H
①		1	N		S	C	
D					2	U	
3	P	E			A		
					4	G	
	5		F				



- 1. Para sa kapayapaan sa buong mundo, iniingatan nila ang kultura. Ang punong himpilan ay nasa Paris.
- 2. Ang organisasyong binuo ng 25 bansa noong taong 2004. Ang panlahat na pera ay “Euro”.
- 3. Gumaganap sila ng taunang pagpulong-pulong para sa pangkabuhayang pakikipagtulungan. May 21 kasaping bansa.
- 4. Ang halimbawa nito ay “International Red Cross” at “Amnesty International”.
- 5. International Monetary Fund, isa sa mga organisasyon ng Nagkakaisang mga Bansa (United Nations).

☞ Sagot: ①ODA, ②UNICEF, ③ASEAN, ④WHO, 1. UNESCO, 2. EU, 3. APEC, 4. NGO, 5. IMF

(8) UNESCO

(United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization, Kapisanang

Pang-edukasyon, Pang-aguham, Pangkalinangan ng Nagkakaisang mga Bansa)

- ◆ Pagtatatag: Itinatag batay sa UNESCO charter.
- ◆ Punong-himpilan: Paris sa France.
- ◆ Gawain: Pabilisin ang kapayapan ng mundo sa pamamagitan ng pag-unlad at pagpapalitan ng agham, edukasyon at kultura, at pangangalaga ng pamanang kultural ng mga bansa sa buong mundo.

◆ Watawat:



- ◆ Pandaigdig na Pamana ng UNESCO (UNESCO World Heritage Sites) sa bansang Hapon.
 - (1) Kulturalang Pamana: Mga Gusaling Budismo sa Rehiyon ng Templo Horyu (1993)
 - Kastilyo ng Himeji (1993)
 - Pamanang Kultural sa Kyoto, Kapitolyo noong Unang Panahon (Kyoto, Uji, Otsu) (1994)
 - Makasaysayang Nayon ng Shirikawa-go at Gokayama (1995)
 - Dome ng Atomic Bomb (1996)
 - Dambana ng Shinto ng Itsukushima (1996)
 - Pamanang Kultural sa Nara, Kapitolyo noong Unang Panahon (1998)
 - Dambana at Templo ng Nikko (1999)
 - Pook ng Gusuku at Mga Pamanang May Kaugnayan sa Kaharian ng Ryukyu (2000)
 - Pilgrima at Sagrado ng Hanay ng Bundok Kii (2004)
 - Pook Minahan ng Pilak ng Iwami at Tanawing Kultural Nito (2007)
 - (2) Likas na Pamana: Yakushima (1993)
 - Hanay ng Bundok Shirakami (1993)
 - Shiretoko (2005)

◆ Inaasahang Tanong ◆

Ano ang tawag sa dalubhasang organisasyon ng Nagkakaisang Mga Bansa na ang layunin ay pangalagaan ang kapayapaan ng buong mundo sa larangan ng kultura?

☞ Sagot: UNESCO

(9) Pag-init ng Daigdig (Global Warming)

- ◆ **Ano:** Ang pagtaas ng temperatura ng buong mundo. Sinasabing ang sanhi nito ay labis na pagtaas ng antas ng carbon dioxide sa atmospera (atmosphere). Suliranin ito hindi lamang sa bansang Hapon kundi sa buong mundo.

◆ Inaasahang Tanong ◆

Isulat ang isa sa mga pandaigdigang suliranin na dapat pagtutulong-tulungan nating lahat upang malutas.

☞ Sagot: Pag-init ng Daigdig (Global Warming)

◆ Pang level-up na Tanong ◆

Isulat ang naaangkop na salita sa () ukol sa sanhi ng pag-init ng daigdig.


Ang sanhi ng pag-init ng daigdig o global warming ay greenhouse gas na nanggagaling sa iba't ibang gawain ng (). Ang kalahati ng sanhi ng gas na ito ay ().

Ang kagubatan ay sumusipsip ng () at nagbibigay ng () subali't kumakaunti ang kagubatan dahil sa pagttroso ng kagubatan (deforestation) at ang mga bansang papaunlad pa lamang ay nagtitiis ng ().

Sa Europa, ang mga punongkahoy ay namamatay dahil sa () at iba pa.




Pahiwatig



☞ Sagot: tao, carbon dioxide, carbon dioxide, oxygen, pagiging diserto ng lupa (desertification), asidong ulan (acid rain)

(10)Asidong Ulan (Acid Rain)

- ◆Ano: Ito ang isa sa mga suliranin sa kapaligiran. Ulan na may katangian ng asido dahil sa karumihan (polusyon) sa atmospera (atmosphere).
- ◆Epekto: Ang kagubatan ay namamatay at ang isda sa lawa ay namamatay.
- ◆Suriing mabuti ang larawan.



◆Inaasahang Tanong ◆

Ang mga sumusunod na pangungusap ay ukol sa karumihan (polusyon) at kapaligiran ng bansang Hapon. Basahin ito at sagutin ang tanong.

Ang pagtalakay sa “United Nations Conference on Environment and Development (UNCED)” (ang pagpupulong ng Nagkakaisang Mga Bansa ukol sa kapaligiran at pag-unlad) na ginanap sa Brazil noong taong 1992 ay naging magandang pagkakataon na isipin ang (a) kapaligiran sa buong daigdig. Ang kilusan ng pangangalaga ng buong kapaligiran ng daigdig sa bansang Hapon din ay ginaganap nang masigla halimbawa inilathala ang bagong batas noong taong 1993.

Tanong: Ukol sa sinalungguhitang (a), sagutin ang isang halimbawa ng pandaigdigang suliranin sa kapaligiran.

☞ **Sagot: Asidong Ulang (Acid Rain)**

Sanggunian: Bukod dito may pag-init ng daigdig, pagkasira ng ozone layer, ang pag-unti ng kagubatan, ang pagiging disyerto ng lupa at iba pa.

(11) Saligang Batas Para sa Kapaligiran

- ◆ **Ano:** Ang saligang batas ng patakaran sa kapaligiran ng bansang Hapon, na nagtatakda ng mga may kaugnayan sa suliranin sa kapaligiran.
- ◆ **Kailan:** 1993 (Ang batas na ito ay tinawag na **Saligang Batas Para sa Panlaban sa Karumihan sa Kapaligiran** noong 1967-1993.)

◆ Inaasahang Tanong ◆

Ano ang batas na inilathala ng bansang Hapon noong 1993 upang labanan ang bagong kilusan ukol sa karumihan at suliranin sa kapaligiran?

☞ Sagot: Saligang Batas Para sa Kapaligiran

◆ Mga Tanong Ukol sa Kapaligiran ◆

Q1. Gaano karami ang tubig na nagagamit natin sa buong mundo?

- A. Mga 20% sa lahat ng tubig sa buong mundo.
- B. Mga 0.04% sa lahat ng tubig sa buong mundo.

Q2. Ilan ang pangkaraniwang temperatura (average temperature) sa mundo?

- A. 20°C, B. 36°C, C. 15°C

Q3. Kapag itinapon ang basura, dapat hiwalayin ito sa iba't ibang uri para sa recycle (paggamit muli).

Magkakaiba ang mga paraan ng paghiwalay ng mga basura depende sa lugar.

Sa ilang uri hinihiwalay ang basura sa Lungsod Minamata sa Prepektura ng Kumamoto?

- A. 8
- B. 22



☞ Sagot: Q1. B. Q2. C. Q3. B




Kabanata 2 Karapatang Pantao at Konstitusyon ng Bansang Hapon

(1) Kodigo Sibil (Civil Code)

- ◆ Ano: Ito ay batas na nagtakda ng relasyon ng pamilya at karapatan ng pribadong pagmamay-ari. Inilathala ito batay sa personal na karangalan at lubhang kailangang pagkapantay-pantay ng kasarian (kalalakihan at kababaihan).
- ◆ Nilalaman: Ukol sa relasyon ng pamilya, pagmamana, pribadong ari-arian, karapatan ng pagmamay-ari at iba pa.
- ◆ Taon ng Pagtatatag: Sinimulang ito noong panahon ng Meiji.
- ◆ Mga Salitang May Kaugnayan:
 - (1) Kaangkan: Ang mga taong may kaugnayan ng mag-asawa at may kaugnayan sa dugo.
 - (2) Kadugo: Ang mga taong may kaugnayan sa dugo tulad ng mag-ama, mag-ina, magkakapatid, lolo, lola at apo.
 - (3) Mga pinagbiyanan: Ang mga taong may kaugnayan base sa kaugnayan ng pagkakasal tulad ng kadugo ng asawa at asawa ng kadugo (bayaw, nakababatang kapatid na lalaki, asawa ng nakatatandang kapatid na lalaki at iba pa).
 - (4) Supling (Direct Line): Ang mga taong may patindig na kaugnayan tulad ng mag-ama, mag-ina, lolo, lola at apo.
 - (5) Kaanak (Collateral Line): Ang mga taong may pahalang kaugnayan tulad ng magkakapatid.
 - (6) Asawa: Ang taong may kaugnayan ng pagkakasal (babaeng asawa para sa lalaking asawa at lalaking asawa para sa babaeng asawa).

- ◆ Suriing mabuti ang larawan. (Isipin ang iyong sarili.)



◆ Inaasahang Tanong ◆

Ano ang tawag sa batas na nagtatakda ng kamag-anak, pagmamana at karapatan ng pribadong pagmamay-ari?

☞ Sagot: Kodigo Sibil

(2) Batas Para sa Pagkapantay-pantay ng Pagkakataon ng Lalaki at Babae sa Trabaho

(Act on Securing etc. of Equal Opportunity and Treatment Between Men and Women in Employment)

◆ Kailan: 1985

◆ Ano: Ang batas na nagbibigay ng pantay na pagkakataon ng pagtanggap sa trabaho at ng parehong suweldo kahit sa lalaki o sa babae.

◆ **Tanong Noong Nakaraang Pasukan na Pagsusulit** ◆ (Prepektura ng Shizuoka, binago)

Tanong 1: Ano ang batas na nagtatag na hindi itinatangi ang babae sa trabaho na inilathala noong taong 1985?

☞ Sagot: Batas Para sa Pagkapantay-pantay ng Pagkakataon ng Lalaki at Babae sa Trabaho

Tanong 2: Basahin ang sumusunod na pangungusap at sagutin ang mga tanong.

Ang mga tao ay kailangang magtrabaho at tumanggap ng suweldo upang mabuhay. Kamakailan, dakilang nagtatrabaho ang mga babae sa lipunan. Dahil dahan-dahang kumakaunti ang kaisipan na “Ang lalaki ay dapat magtatrabaho sa labas at ang babae ay dapat gumawa ng gawaing bahay.” Ang kaisipan na may kaibahan sa lalaki at babae, tulad ng dahil babae dapat ganito at dahil lalaki dapat ganito ay (A) unti-unti nawawala dahil sa iba’t ibang mga inilathalang batas. Subali’t (B) natitira pa ang mga suliranin.

- (1) Ano ang mga bawa’t batas sa ibaba sa mga iba’t ibang batas na sinalungguhitang A?
- A. Ang batas na inilathala noong taong 1985, na humihimok ng pagkapantay-pantay ng pagkakataon sa trabaho sa lalaki at babae.
- B. Ang batas na pinatupad noong taong 1999, na humihimok ng lipunan na ginagamit ang kakayahan ng isa’t isa nang walang-itinatangi sa lalaki at babae.

☞ Sagot: A. Batas Para sa Pagkapantay-pantay ng Pagkakataon ng Lalaki at Babae sa Trabaho. B. Saligang Batas Para sa Lipunan na may Pagkapantay-pantay ng Lalaki at Babae (Basic Act for Gender-Equal Society)

- (2) Isulat ang dalawa sa mga suliranin ng sinalungguhitang B.

☞ Sagot: pagkakaugma ng trabaho at pagpapalaki ng mga anak, pagkakaugma ng trabaho at pag-aalaga ng mga matatanda

(3) Saligang Batas Para sa Lipunan na May Pagkapantay-pantay ng Lalaki at Babae

(Basic Act for Gender-Equal Society)

◆ Kailan: 1999

◆ Ano: Bago ang digmaan, iniisip ng mga tao na ang “ie (pamilya)” ang pinakamahalaga sa lahat at maganda na “ang lalaki ay nagtatrabaho sa labas at ang babae ay gumagawa ng mga gawaing bahay at nag-aalaga ng mga anak.” Subali’t pagkatapos ng digmaan, nagsimulang mag-isip ang mga tao na di-makatarungan ang pagtangi sa trabaho batay sa kasarian. Saligang Batas Para sa Lipunan na may Pagkapantay-pantay ng Lalaki at Babae (Basic Act for Gender-Equal Society) ang inilathala batay sa kaisipang paano magiging pantay ang lalaki at babae.

◆ Inaasahang Tanong ◆

Ano ang batas na pinatupad noong taong 1999, na humihimok ng lipunan na ginagamit ang kakayahan ng isa’t isa nang walang-itinatangi sa lalaki at babae.

☞ Sagot: Saligang Batas Para sa Lipunan na may Pagkapantay-pantay ng Lalaki at Babae (Basic Act for Gender-Equal Society)

◆ Pang Level-up na Tanong ◆

Isulat ang basa ng sumusunod na mga kanji.

- | | |
|---------------|----------------|
| 1. 夫婦
() | 6. 親権
() |
| 2. 親子
() | 7. 役割分担
() |
| 3. 多様化
() | 8. 介護
() |
| 4. 結婚
() | 9. 地域
() |
| 5. 核家族
() | 10. 違反
() |

☞ Sagot: 1.Fufu 2.Oyako 3.Tayoka 4.Kekkon 5.Kakukazoku
6.Shinken 7.Yakuwaribuntan 8.Kaigo 9.Chiiki 10.Ihan

(4)Walang Hadlang (Barrier-free)

- ◆ Ano: Alisin ang mga hadlang na gumagambala sa mga gumagamit at magpagawa ng lipunang mas madaling mamuhay ang mga tao.
- ◆ Para Kanino: Lahat ng tao, tulad ng mga matatanda, may mga kapansanan at iba pa.
- ◆ Bakit: Upang mamuhay nang ligtas at maginhawa araw-araw.

◆Tanong Noong Nakaraang Pasukan na Pagsusulit◆ (Prepektura ng Hyogo)

Sagutin ang tanong ukol sa lipunang kapakanan.

Ano ang tawag sa kilusang alisin ang mga hadlang pangkatawan, pangkaisipan at panlipunan upang mamuhay nang ligtas at maginhawa araw-araw ang mga matatanda at may mga kapansanan.

Sagot: Walang hadlang (barrier-free)

◆Ating Alamin◆

Q1: Alamin ang kahulugan ng hadlang.

Q2: Hanapin ang hadlang sa paligid mo.

Q3: Ano ang maaaring maging hadlang sa mga taong may kapansanang pangkatawan at mga matatanda?











Q4: Kailan nahihirapan ang mga taong may kapansanan sa mata?

(1) Ano ang mga elektronikong kagamitan na mahirap gamitin?

(2) Ano ang mga produktong mahirap malaman ang laman?

Q5: Ano ang magagwa para sa lipunan na walang hadlang? Mag-isip ng mga pang araw-araw na produkto kung saan walang hadlang sa pag-gamit nito.

◆Level-Up (Mga Tanda ng Walang Hadlang, Barrier-free Sign)◆

	Hindi matarik na libis		Kailangan ng tulong		Awtomatikong pintuan
	Matarik na libis		Palikurang nagagamit ng naka-silyang de-gulong (wheelchair)		Elebeytor na nagagamit ng naka-silyang de-gulong (wheelchair)
	Walang hakbangan		Malawak na palikuran		
	Walang hagdanan o hakbangan		Paradahang nagagamit ng naka-silyang de-gulong (wheelchair)		

(5) Karapatang Mabuhay (Right to Live)

◆ Ano: Ang karapatang itinatag sa Artikulo 25 ng Konstitusyon ng Bansang Hapon.

◆ Artikulo 25 ng Konstitusyon ng Bansang Hapon

“Ang lahat ng mamamayan ay may karapatang mabuhay nang malusog at kultural sa pinakamababang kapantayan.”

◆ Inaasahang Tanong ◆

Tanong 1: Anong karapatang itinatag na “Ang lahat ng mamamayan ay may karapatang mabuhay nang malusog at kultural sa pinakamababang kapantayan.” sa Artikulo 25 ng Konstitusyon ng Bansang Hapon?

☞ Sagot: Karapatang Mabuhay

Tanong 2: “Ang lahat ng mamamayan ay may karapatang mabuhay nang at kultural sa .

(Artikulo 25 ng Konstitusyon)

(1) Isulat ang naaangkop na salita sa .

☞ Sagot: A. malusog, B. pinakamababang kapantayan

(2) Anong karapatan sa sinalungguhitang bahagi sa karapatan panglipunan?

☞ Sagot: Karapatang Mabuhay

(3) Sinasagutan ang tatlong karapatan ng pagtatrabaho sa mga trabahador. Isulat ang tatlong karapatang ito.

☞ Sagot: karapatang bumuo (right to organize), karapatang sama-samang makipagkasundo (right to bargain collectively), karapatang sama-samang kumilos (right to act collectively)

(6) Karapatang Panlipunan (Social Right)

◆ Kailan: 1919

Sanggunian: Sinasagutan ito sa Konstitusyon ng Weimar ng Germany nang una sa buong mundo.

◆ Ano: Ang karapatan upang mas makataong mabuhay ang lahat ng tao.

Karapatang Panlipunan		
1	Karapatang Mabuhay	Karapatang mabuhay nang malusog at cultural sa pinakamababang kapantayan
2	Karapatan sa Edukasyon	Karapatang papag-aralin nang pantay-pantay base sa kakayahan ng isa't isa
3	Karapatang Makapaghanapbuhay	Karapatang magtrabaho. Tungkulin din ang pagtatrabaho.

◆ Inaasahang Tanong ◆

Tanong 1: Ano ang karapatan na may pananagutan sa saligan ng pamumuhay upang makataong mabuhay ang mga tao?

☞ Sagot: Karapatang Panlipunan

Tanong 2: Sagutin ang mga karapatan A-E sa sumusunod na pangungusap.

Ang lahat ng tao ay may (A) karapatan na hindi ipinagbabawal ang pagkilos nang walang dahilan, at (B) karapatan na hindi itinatangi ng sinuman. Bukod dito, sinasagutan din ang (C) karapatang makataong mabuhay. At upang tiyakin ang mga pananagutan ng karapatang pantao, sinasagutan din ang (D) karapatang makisali sa pulitika at (E) karapatan upang sagutan ang ang karapatang pantao.


A (), B (), C (), D (), E ()

☞ Sagot: A. Karapatan sa kalayaan, B. Karapatan ng pagkapantay-pantay, C. Karapatang panlipunan (Karapatang mabuhay), D. Karapatang bumoto, E. Karapatan ng kahilingan

(7) Karapatan sa Kalayaan

◆ Ano: Ang karapatang malayang mag-isip, magsalita at kumilos.

Ito ay pinpaangkat sa 3, **Kalayaan sa Katawan, Kalayaan sa Isip, Kalayaang Pang-ekonomiya.**



◆ **Tanong Noong Nakaraang Pasukan na Pagsusulit** ◆ (Prepektura ng Kagoshima)

Ano ang kalayaan ng pagpili ng trabaho sa mga karapatan sa kalayaan?

☞ Sagot: Kalayaang pang-ekonomiya

◆ **Inaasahang Tanong** ◆

Ano ang mga (1)~(4) sa mga karapatan sa kalayaan?

(1) Pinananagutan ang kalayaan ng pagpupulong at pagtitipon, pananalita at paglalathala at iba pang mga kalayaan sa pagpapahayag.

(2) Bawal sirain ang kalayaan sa kaisipan at sa budhi.


(3) Ang lahat ng tao ay may kalayaan sa pagtira, paglipat at sa pagpili ng trabaho, kung hindi lumalabag sa pampublikong kapakanan.

(4) Ang lahat ng tao ay hindi pinipilit na magpahayag ng makakasama sa sarili.

☞ Sagot: (1) Kalayaan sa isip, (2) Kalayaan sa isip, (3) Kalayaang pang-ekonomiya, (4) Kalayaan sa katawan

(8) Dakilang Kapangyarihan ng Mamamayan

- ◆ Ano: Isip na ang mamamayan ang may karapatan ng paggawa ng pulitika.
Ito ay isa sa pangunahing panuntunan sa Konstitusyon ng Bansang Hapon.
- ◆ Kailan: Mula sa Mayo 3, 1947 (Mayo 3 ay Araw ng Konstitusyon).



◆ Inaasahang Tanong ◆

Tanong 1: Isulat ang naaangkop na salita sa (1)-(3).

Dakilang kapangyarihan ng mamamayan: Ang (1) ay may karapatan ng pagpapasiya sa pulitika ng bansa at ginagawa ang pulitika batay sa kahilingan ng (2). Halos parehong kahulugan ito sa (3).

☞ Sagot: (1) mamamayan, (2) mamamayan, (3) demokrasya

Tanong 2: Ano ang isa pa sa mga tatlong saligang panuntunan sa Konstitusyon ng Bansang Hapon maliban sa Panuntunan ng Kapayapaan at Saligang Karapatang Pantao?

☞ Sagot: Pagkasoberano ng mga tao

Tanong 3: Ang araw na pinatupad ang Konstitusyon ng Bansang Hapon ay pistang pangilin (holiday) ng mamamayan. Anong petsa ito?

☞ Sagot: Mayo 3 (Araw ng Konstitusyon)

(9) Pamublikong Kapakanan

◆ Ano: Kaligayahan at kapakanan ng maraming tao. Itinatag sa Konstitusyon na may pananagutan na gamitin ang saligang karapatang pantao para sa pamublikong kapakanan.

Halimbawa: (May **Kalayaan ng Pagpapahayag** sa Artikulo 21 ng Konstitusyon ng bansang Hapon.)

Mr.A: “May kalayaan sa pagsusulat. Kaya isulat natin ang masama tungkol sa guro sa internet.”

↑ Bawal gawin ito dahil lalabagin ang karapatang pantao ng iba.

(May **Kalayaan sa Pagpili ng Trabaho** sa Artikulo 22 ng Konstitusyon ng bansang Hapon.)

Mr.B: “Magagawa ko ang anumang trabaho. Malaya. Kaya magiging doktor na lang ako.”

↑ Kailangan ng kuwalipikasyon sa pagiging doktor.

◆ Inaasahang Tanong ◆

Tanong 1: Isulat ang naaangkop na salita sa (1) at (2).

Ang lahat ng mamamayan ay pinahahalagahan bilang (1). Ang karapatan ng mamamayan ukol sa buhay, kalayaan at paghahanap ng kaligayahan ay kailangang pahalagahan hangga’t maaari sa pagbabatas at sa iba pang mga bagay ng pulitika sa bansa, kung hindi ito lumalabag sa (2).

☞ Sagot: (1) isang tao, (2) pamublikong kapakanan

Tanong 2: Nakasulat nang maliwanag sa konstitusyon na ginagalang ang saligang karapatang pantao hangga’t maaari ngunit may pagkakataon na hinihigpitan ang karapatang ito. Kailan ito?

☞ Sagot: Kapag lumalabag sa pamublikong kapakanan

Tanong 3: Piliin ang tamang paliwanag ukol sa saligang karapatang pantao mula sa A-C.

A. Ang mga mamamayan ay may saligang karapatang pantao ngunit hinihigpitan ito batay sa pamublikong kapakanan.

B. Ang mga mamamayan ay may saligang karapatang pantao ngunit walang karapatang pantao sa mga nasasakdal sa hukuman.

C. Dahil ang mga mamamayan ay may saligang karapatang pantao, maaaring ipagtanggol ang karapatan kahit anong kalagayan at kailan.

☞ Sagot: A

(10) Tungkulin ng Mamamayan

◆Ano: Itinatag ang tatlong tungkulin ng mamamayan sa Konstitusyon ng bansang Hapon.







(1) Tungkulin na papag-aralin ang mga anak
 Ang tagapag-alaga ay dapat papasukin ang kanyang anak sa elementary school at sa junior high school.

(2) Tungkulin na magtrabaho
 Dapat magtrabaho.

(3) Tungkulin na magbayad ng buwis
 Dapat magbayad ng buwis.

◆Pang Level-up na Tanong◆

Alin sa mga sumusunod ang tungkulin sa Konstitusyon ng bansang Hapon?

Halimbawa	1	2	3	4	5
					
Pagtatrabaho	Pagpapasok sa paaralan ang anak	Pag-aanak	Pag-aaral	Pagbabayad ng buwis	Pag-aasawa
<input type="radio"/>					

☞ Sagot: 1. O, 2. X, 3. X, 4. O, 5. X

(11) Karapatan sa Pagsasarili (Right to Privacy)

- ◆ Ano: Ang karapatan na hindi pinapakialaman nang di-matwid ng ibang tao ang pribadong pamumuhay. Ang karapatang ipinapatanggol ang pribadong impormasyon at pribadong pamumuhay.

◆ Tanong Noong Nakaraang Pasukan na Pagsusulit ◆ (Prepektura ng Hyogo)

Nagsagawa kami ng kunwaring Batasan (Diet) sa klase ng sibika. Ang mga sumusunod na pangungusap ay bahagi ng nilalamang ito. Sagutin ang sumusunod na tanong.

Miyembro C: “Naisisiwalat ang pribadong impormasyon habang hindi alam ng may-ari nito at naipapakita ang pribadong pamumuhay nang di-matwid. Ano po ang palagay ninyo?”

Kataas-taasang Ministro: “Ito ay seryosong problema. Isasaalang-alang ko ang patakaran upang maitanggol ang pribadong impormasyon.”

Tanong: Ukol sa tanong ng miyembro C, ano ang karapatan na hindi pinapakialaman nang di-matwid ng ibang tao o hindi ipinapakita nang matwid ang pribadong pamumuhay?

☞ Sagot: Karapatan sa Pagsasarili

◆ Isipin Natin ◆

★ Kailan sa mga sumusunod nararamdaman ninyo na ang inyong karapatan sa pagsasarili ay napanghimasukan?

1. Kapag kinuha ang iyong larawan nang walang paalam.
2. Kapag ipinaalam ang iyong nakaraan sa iba.
3. Kapag ayaw umalis ang isang salesman na dumalaw sa iyong bahay.
4. Kapag ipinaalam ang di-totoo tungkol sa iyong pamilya.
5. Kapag naisiwalat ang mahalagang impormasyon.
6. Kapag sinilip ang loob ng iyong bahay.
7. Kapag may pambabastos na tawag.

Q. Pag-usapan natin kung bakit nararamdaman natin ganito.




Kabanata 3 Demokratikong Pamahalaan sa Kasalukuyan

(1) Kautusan (Ordinance)

- ◆ Ano: Ito ay patakarang itinatag ng bawa't prepektura o kaya city, town o village at kailangan sundan sa mga purok.

- ◆ Bakit: Dahil magkakaiba ang mga kalagayan sa bawa't pook, kinakailangan ang mga patakarang naaangkop sa bawa't pook.

- ◆ Ang pagkakakilanlang kautusan
"Kautusan sa Baboy-damo", Kautusan sa Lungsod Kobe, Prepektura ng Hyogo
Nilalaman: Bawal bigyan ng pagkain ang mga baboy-damo.
Bakit: Upang hindi matuto ang mga baboy-damo na bumaba galing sa bundok at maghanap ng pagkain sa mga basura o kumagat sa mga tao.



◆ Inaasahang Tanong ◆

- Ang patakarang itinatag sa bawa't prepektura o (1)_____ ay tinatawag na
(2)_____. Sa halip nito, ang patakarang itinatag ng bansa ay tinatawag na
(3)_____.

☞ Sagot: (1) city, town o village, (2) kautusan, (3) batas

(2) Pinagbabahaging Badyet sa Lokal na Buwis

- ◆ Ano: Ipinagkakaloob ng bansa ang ilang mga bahagi ng pambansang buwis (buwis sa kita at buwis sa kompanya) sa lahat ng lokal na pamahalaan na mababa ang nakukuhang buwis mula sa mamamayan (lokal na buwis), na walang itinakdang paraan ng paggamit nito. Sa kasalukuyan ibinibigay ito sa lahat ng lokal na pamahalaan maliban sa Tokyo.
- ◆ Bakit: Upang iwasan ang kaibahan sa pagitan ng rehiyon dahil magkakaiba ang mga halaga ng nakukuhang buwis.

◆ Inaasahang Tanong ◆

Tanong 1: Ano ang tawag sa badyet na ibinibigay ng bansa upang mapantay ang kaibahan ng lokal na pananalapi, na walang itinakdang paraan ng paggamit nito?

☞ Sagot: Pinagbabahaging Badyet sa Lokal na Buwis

Tanong 2: Sa mga kita ng lokal na pamahalaan sa sumusunod na a-c, alin ang naaangkop na paliwanag ukol sa Pinagbabahaging Badyet sa Lokal na Buwis?

- Tulong na salapi ng bansa upang isagawa ng lokal na pamahalaan ang pambansang proyekto.
- Badyet na pinagbabahagi ng bansa sa lokal na pamahalaan base sa pagsasaalang-alang ng pananalapi ng lokal na pamamahalaan.
- Buwis na binabayad ng mamamayan upang masapatan ang gastos ng lokal na pamamahalaan.

☞ Sagot: b

Tanong 3: Ang talanguhit sa ibaba ay nagtuturo ng panumbasan ng gastos ng pambansang panlahat na badyet noong 2005. Tingnan ang talanguhit at sagutin ang sumusunod na uri ng gastos.

Gastos sa Panlipunang Kaligtasan 24.8%	Gastos sa Bono ng Pamahalaan 22.4%	Pinagbabahaging Badyet sa Lokal na Buwis atpb. 19.6%	Gastos sa Pampublikong Proyekto 9.2%	Gastos sa Pagpapaunlad ng Agham 7.0%	Gastos sa May Kaugnayan sa Pagtatanggol 5.9%	Iba pa 11.1%
---	---------------------------------------	---	---	---	---	-----------------

- (1) Gastos na ibinabayad sa utang ng bansa ()
- (2) Gastos na ginagamit sa kaligtasan sa mga matatanda o mahihirap ()
- (3) Gastos na ipinagbabahagi sa lokal na pamahalaan upang mapantay ang pananalapi ng lokal na pamahalaan ()

☞ Sagot: (1) Gastos sa Bono ng Pamahalaan, (2) Gastos sa Panlipunang Kaligtasan, (3) Pinagbabahaging Badyet sa Lokal na Buwis

(3) Karapatan sa Direktang Paghiling

◆ Ano: Ang mga mamamayan ay may karapatang sumali sa politika nang direkta.

Maaaring humiling ng iba't iba sa pamamaraan ng pagbibigay sa puno (gobyernador ng prepektura at pangulo ng city, town at village) ng mga sapat na pirmang kinakailangan.

◆ Para saan:

- Paghiling ng pagtatatag, pagbabago at pagpawi ng kautusan (ordinance) → Paghiling na itatag, baguhin at pawiin ang kautusan (ordinance) ☞ Kabanata 3-(1)
- Paghiling ng pagtutuos ng kuwenta (audit) → Paghiling na tiyakin kung maayos na magtrabaho ang prepektura, city, town at village.
- Paghiling ng pagbubuwag ng kapulungan → Paghiling na buwagin ang kapulungan (samahan ng mga kinatawan ng mamamayan sa prepektura at city) at piliin muli ang mga miyembrong ito.
- Paghiling ng pagpapaalis (recall) → Paghiling na paalisin ang puno at miyembro ng kapulungan.

	Kinakailangang pirma	Kung saan hilingin
Paghiling ng pagtatatag, pagbabago at pagpawi ng kautusan (ordinance)	1/50 o mas mahigit (ng manghahalal)	Puno
Paghiling ng pagtutuos ng kuwenta (audit)	1/50 o mas mahigit (ng manghahalal)	Tagatuos
Paghiling ng pagbubuwag ng kapulungan	1/3 o mas mahigit (ng manghahalal)	Lupon ng halalan
Paghiling ng pagpapaalis (recall)	1/3 o mas mahigit (ng manghahalal)	Puno at lupon ng halalan

◆ Inaasahang Tanong ◆

Alin ang tawag sa ibang salita ng paghiling ng pagpapaalis?
(1) Squall, (2) Equal, (3) Recall

☞ **Sagot: (3) Recall**

(4) Batasan (Diet)

Gusali ng Batasan

- ◆ Ano: Sentro ito ng politika ng bansang Hapon. Samahan ng mga mambabatas na pinili ng mga mamamayan. Ipinapasiya dito ang gagawin ng bansa. Dahil dapat maingat na ipasiya ang mga mahalaga, may dalawang bahagi (bicameral system, sistemang dalawang kapulungan), Kapulungan ng mga Kinatawan (House of Representatives) (☞Kabanata 3-(5)) at Kapulungan ng mga Konsehal (House of Councilors).



◆Gawain:

- Pagbabatas → Gumagawa ng batas (patakaran ng bansa)
- Pagususuri at pagpapasiya ng badyet → Nagtitipon ang pamahalaan ng buwis at nagpapasiya kung paano gagamitin ito.
- Pagpili ng Kataas-taasang Ministro → Pumipili mula sa mga mambabatas at ang emperador ang nagnonombra.



- Paggawa ng hukuman para sa paglilitis laban sa isang mataas na pinuno ng pamahalaan → Ang hukom na pinaghihinalaan na hindi dapat mag-hukom ay dapat magkakaroon ng paglilitis hinggil dito. Ito ay tinatawag na paglilitis laban sa isang mataas na pinuno ng pamahalaan. Ang batasan ang gumaganap nito.
- Pagpayag sa pagpapatibay ng kasundan ng mga bansa → Pumapayag ng pangako sa pagitan ng ibang bansa.



- ◆Tingnan natin: Kids Website Ukol sa Kapulungan ng mga Konsehal
<http://www.sangiin.go.jp/japanese/kids/index.html>

◆ Mga Uri sa Batasan:

3 ang uri, Karaniwang Batasan, Di-karaniwang Batasan at Ispesyal na Batasan.

	Uri	Pagtitipon (Kailan)	Panahon (Katagalan)
Batasan	Karaniwang Batasan (Tsujo kokkai / Jokai)	<ul style="list-style-type: none"> • 1 beses sa isang taon. • Titipunin sa Enero. 	<ul style="list-style-type: none"> • 150 araw • Maaaring pahabain.
	Di-karaniwang Batasan (Rinji kokkai / Rinjikai)	<ul style="list-style-type: none"> • Kapag inamin ng Gabinete na kailangan ito. • Kapag hiniling ng 1/4 o mas mahigit ng lahat ng mambabatas ng isa sa mga Kapulungan. 	<ul style="list-style-type: none"> • Hanggang sa pagkakasundo sa pagpapasiya ng dalawang Kapulungan.
	Ispesyal na Batasan (Tokubetsu kokkai / Tokubetsukai)	<ul style="list-style-type: none"> • Pagkatapos ng panlahat na halalan pagka binuwag ang Kapulungan ng mga Kinatawan. • Tinitipon sa loob ng 30 araw pagkatapos ng panlahat na halalan. 	<ul style="list-style-type: none"> • Parehas sa di-karaniwang Batasan.
Kagipitang Pagtitipon ng Kapulungan ng mga Konsehal		<ul style="list-style-type: none"> • Ginaganap kung may nangyaring malaking suliranin habang nakabuwag ang Kapulungan ng mga Kinatawan. 	<ul style="list-style-type: none"> • Hindi nakatakda.

◆ **Inaasahang Tanong** ◆

Ano ang tawag sa Batasan pagkatapos ng panlahat na halalan matapos binuwag ang Kapulungan ng mga Kinatawan?

☞ **Sagot: Ispesyal na Batasan**

◆ **Pang Level-up** ◆

Alamin ang mga panuntunan sa halalan ng bansang Hapon.

Panuntunan sa Halalan	Kahulugan
Pangmadlang Halalan	Walang hindi nakakaboto kung nasa edad na.
Pantay na Halalan	May karapatan ng isang balota ang bawat tao.
Direktang Halalan	Direktang pipiliin ang mambabatas.
Lihim na Halalan	Hindi kailangang ilagay ang pangalan sa balota.

(5) Kapulungan ng Mga Kinatawan (House of Representatives)

- ◆ **Ano:** Ang Batasan ay nabubuo ng dalawang Kapulungan; Kapulungan ng mga Kinatawan at Kapulungan ng mga Konsehal (bicameral system, sistemang dalawang kapulungan).
- ◆ **Bakit:** Dahil nakakapag-isip ng iba't ibang paraan base sa ibang pagtingin. Dahil dapat maingat na ipasiya ang mga mahalaga.

Kaibahan ng Mga Kapulungan ng mga Kinatawan at Kapulungan ng mga Konsehal

Kapulungan ng mga Kinatawan	Bagay	Kapulungan ng mga Konsehal
480 katao	Numero ng Mambabatas	242 katao
4 taon Kapag binuwag, dapat umalis kahit hindi pa umabot sa panahong ito.	Panahon ng Tungkulin	6 taon Walang pagbuwag ngunit may halalan tuwing 3 taon at pipiliin muli ang kalahati ng miyembro.
20 taong gulang at mas matanda	Karapatang Bumoto (Karapatang pumili)	20 taong gulang at mas matanda
25 taong gulang at mas matanda	Karapatang Sumali sa Halalan (Karapatang tumakbo bilang mambabatas)	30 taon gulang at mas matanda
Mayroon	Pagbuwag	Wala

◆ Inaasahang Tanong ◆

Dahil mas maiksi ang panahon ng tungkulin at may pagbuwag sa Kapulungan ng mga Kinatawan, mas nalalaman ng mga mambabatas dito ang palagay ng mga mamamayan. Kaya mas malakas ang kapangyarihan ng Kapulungan ng mga Kinatawan kaysa sa Kapulungan ng mga Konsehal kapag magkaiba ang palagay ng dalawa.

Ano ang tawag dito?

☞ Sagot: Kataasan ng Kapulungan ng mga Kinatawan

(6) Gabinete

- ◆ Ano: Pinakamataas na samahan sa mga pamahalaan ng bansa (paggawa ng politika).
- ◆ Sino: Ang Kataas-taasang Ministro at ang mga ministro.
- ◆ Paano piliin:
 - Kataas-taasang Ministro → Pinipili ng Batasan mula sa mga mambabatas sa Batasan.
 - Mga ministro → Pinipili ng Kataas-taasang Ministro.
Maaari ring piliin ang hindi mambabatas, ngunit kalahati o mas mahigit ay dapat galing sa mambabatas.



Mga Mambabatas



Kataas-taasang Ministro



Mga Ministro

◆ Gawain:

Pumapatnubay ng gawain ng bawa't pangkat ng pamahalaan at gumagawa ng itinakda sa batas.

- Gumagawa ng burador ng batas at badyet at magharap nito sa Batasan.
- Gumagawa ng patakarang kinakailangan sa paggawa ng politika (kautusan ng pamahalaan).
- Magpagaan ng kaparusahang ipinasya ng hukuman (pagpapatawad sa kasalanan).
- Nakikipag-ayos sa ibang mga bansa at nagpapatibay ng kasundanan.

◆ **Inaasahang Tanong** ◆


Saan sa sumusunod ang pinakamataas na samahan ang Gabinete?

(1) Paggawa ng mga batas, (2) Pamahalaan, (3) Paghuhukom

☞ **Sagot: (2) Pamahalaan**

(7) Sistemang Parlamento ng Pamahalaan (Parliamentary System of Government)

- ◆ Ano: Sistemang may pinagsamang pananagutan ang Gabinete sa Batasan.
 - (1) Ang mga mamamayan ay pumipili ng mambabatas sa Batasan.
 - (2) Ang mga mambabatas ay pumipili ng Kataas-taasang Ministro ng Gabinete.
 - (3) Ang Kataas-taasang Ministro ng Gabinete ay pumipili ng ibang mga ministro.




◆ Tanong Noong Nakaraang Pasukan na Pagsusulit ◆ (Prepektura ng Hyogo, binago)

Sa Konstitisyon ng bansang Hapon, ang Gabinete ay natataas batay sa katiwalaan ng Batasan at may pinagsamang pananagutan sa Batasan. Ano ang tawag sa sistemang ito?

☞ Sagot: Sistemang Parlamento ng Pamahalaan

(8) Pangkriminal na Paglilitis

- ◆ Ano: Ito ay isang uri ng paglilitis na naghuhukom sa nasasakdal sa krimen. Ang hukom ay nakikinig sa palagay ng taga-usig at nasasakdal at nagpapasiya kung may sala o wala ang nasasakdal.
→ Taga-usig ☞ Kabanata 3-(9)



Tanong Noong Nakaraang Pasukan na Pagsusulit →

◆ Tanong Noong Nakaraang Pasukan na Pagsusulit ◆ (Prepektura ng Hyogo, binago)

(1) Ang larawan sa ibaba ay nagtuturo ng paglilitis sa hukuman. Piliin ang isang naaangkop na salita sa hulumanang ito mula sa sumusunod na A-C at isulat sa itinakdang alpabeto.


- A. Sibil na Paglilitis, B. Pangkriminal na Paglilitis,
- C. Paglilitis laban sa isang mataas na pinuno ng pamahalaan

☞ **Sagot: B**

(2) Piliin ang isang maling paliwanag ukol sa huluman sa larawan sa ibaba mula sa sumusunod na A-D at isulat sa itinakdang alpabeto.

- A. Ang hukom ay nagbibigay ng hatol.
- B. Ang taga-usig ay nagsasakdal ng pinaghihinalaan bilang nasasakdal.
- C. Ang tagapagtanggol ay nagtatanggol sa saksi.
- D. Sa panuntunan, bukas sa lahat ang paglilitis.

☞ **Sagot: C**



- A: Hukom
- B: Kawani ng hukuman
- C: Takigrapo ng hukuman
- D: Pinuno ng hukuman
- E: Taga-usig
- F: Tagapagtanggol
- G: Nasasakdal

(9) Taga-Usig (Piskal)

- ◆ Ano: Ang Taga-usig ay nagsisiyasat sa mga pangkriminal na kaso at nagpapasiya kung isasakdal o di isasakdal ang kriminal.
- ◆ Gawain: Pag may nangyaring kaso, ang pulis ang nagsisiyasat sa kaso at naghahanap ng kriminal. Pagkatapos ang pulis at taga-usig ay nakikipagtulungang magsiyasat sa kaso, nagpapatotoo kung talagang gumawa ng krimen ang pinaghihinalaan at nagpapasiya kung dadalhin ang kasong ito sa hukuman. Pagpapadala ng kaso sa hukuman ay tinatawag na “pagsasakdal”. Sa bansang Hapon, ang mga taga-usig lamang ang maaaring magsakdal ng mga kriminal. Kung walang pagsasakdal wala rin ang paglilitis.
→ Pangkriminal na Paglilitis ☞ Kabanata 3-(8)

- ◆ URL sa sanggunian: <http://www.kensatsu.go.jp/>

◆ Inaasahang Tanong ◆

Ano ang tawag ng kinatawan ng publiko na nagsasakdal ng pinaghihinalaan sa hukuman sa pangkriminal na paglilitis?


☞ Sagot: Taga-usig (Piskal)

◆ Pang Level-up na Tanong ◆

May ilan pang mga uring paglilitis bukod sa pangkriminal na paglilitis. Pag-aralin natin.

(10) Kapangyarihang Magsiyasat ng Pagtatatag ng Batas sa Labag sa Konstitusyon

- ◆ Ano: Ang hukuman ay maaaring magsiyasat kung hindi lumalabag sa Konstitusyon ang mga batas na itinatag ng batasan at ang mga ginagawa ng gabinete. Ito ang Kapangyarihang Magsiyasat ng Pagtatatag ng Batas sa Labag sa Konstitusyon.




◆ Tanong Noong Nakaraang Pasukan na Pagsusulit ◆ (Prepektura ng Hyogo)

Ukol sa halalan ng Kapulungan ng mga Kinatawan (House of Representatives) noong taong 1990, ang pinakamataas na hukuman ay nagbigay ng pasiya noong taong 1992, na labag sa Konstitusyon ang kalagayan na may 3 beses o mas mahigit na pagkakaiba sa halaga ng isang boto. Isulat ang tawag sa kapangyarihan ng hukuman kagaya nito na magpasiya kung sumusunod o lumalabag sa Konstitusyon ang batas o kautusan?

☞ Sagot: Kapangyarihang Magsiyasat ng Pagtatatag ng Batas sa Labag sa Konstitusyon

(11) Pagsisiyasat ng Mamamayan

- ◆ Ano: Pagpapasiya kung naaangkop ang mga hukom sa pinakamataas na hukuman.
- ◆ Kailan: Isinasabay sa unang halalan sa Kapulungan ng mga Kinatawan pagka hinirang ang mga hukom sa pinakamataas na hukuman. Pagkatapos nito uulitin sa baw’t halalan pagkatapos ng 10 taon.
- ◆ Paano: Titingnan kung naaangkop ang isa’t isang hukom at kung maisip na hindi naaangkop, isusulat ang “X” sa itaas ng pangalan at iboto.

	×			× を 書 く 欄	
裁判 花子	裁判 太郎	衆議 院花子	衆議 院太郎	裁判官の 名	
					Pangalan ng mga Hukom

◆ Inaasahang Tanong ◆

Ano ang tawag sa pagboboto sa mga hukom sa pinakamataas na hukuman sa kanilang unang halalan ng Kapulungan ng mga Kinatawan pagkahirang nila kung naaangkop sila?

- (1) Paglilitis laban sa isang mataas na pinuno ng pamahalaan
- (2) Pagpupulong na magsiyasat ng pagtatatag ng batas sa labag sa Konstitusyon
- (3) Pagsisiyasat ng mamamayan

☞ **Sagot: (3)**




Kabanata 4 Buhay at Pangkabuhayan

(1) Gastos sa Pampublikong Kagamitan

- ◆ Ano: Ang bansa at local na pamahalaan ang nagtatatag ng halaga ng ginagamit ng lahat katulad ng kuryente, gas at tubig. Tinatawag ang halagang ito na gastos sa pampublikong kagamitan.

◆ Tanong Noong Nakaraang Pasukan na Pagsusulit ◆ (Prepektura ng Hyogo)



Ang larawan sa itaas ay nagtuturo ng daloy ng pangkabuhayan (ekonomiya).

Piliin mula sa sumusunod na A-D ang hindi naaangkop na paliwanag ukol sa **a** na ipinapakita sa larawan at isulat ang alpabetong itinakda sa paliwanag na iyan.

A: Ang mga kagamitan katulad ng kalsada at parke na patungan ng industriya at pamumuhay ay tinatawag na panlipunang kapital.

B: Ang larangan ng pampublikong kalinisan, isang bahagi ng sistema ng panlipunang kaligtasan ay may pananagutan sa pag-iwas ng nakakahawang sakit.

C: Ang Saligang Batas para sa Kapaligiran ay itinatag upang iwasan ang karumihan sa kapaligiran at lutasin ang suliranin sa kapaligiran mula sa iba't ibang lugar na tanawan.

D: Ang lokal na pamahalaan ay kasangkot sa pagtatatag ng halaga ng tiket ng pelikula bilang isa sa mga gastos sa pampublikong kagamitan.

☞ **Sagot: D**

(2) Sistema ng Cooling-off

- ◆ **Ano:** Sistema na maaaring hingin sa nagbili ang pagkaltas ng kasunduan sa pagitan ng dalawa na walang batayan sa loob ng takdang panahon pag nilagdaan ng mamimili ang hindi ninanais na kasunduan katulad ng door-to-door sales. Ang kahulugan ng cooling-off ay “palamigin ang utak at isipin muli”.
- ◆ **Paano:** Kapag hindi kailangan ang iyong binili, isulat ang mga sumusunod sa post card at ipadala iyan sa nagbili.
 - Ang araw kung kailan binili (araw kung kailang ipinangakong bumili)
 - Ang biniling paninda
 - Ang halaga ng paninda
 - Ang pangalan ng nagbiling tindahan o kompanya
 - Hindi kailangan ang panindang ito
 - Ang iyong pangalan at tirahan
- ◆ **Halimbawa ng hindi ma-cooling-off:**
 - Kapag nagamit na ang mauubos na paninda (consumable goods)
 - Kapag binili ang panindang 3,000 yen o mas mura sa pera
 - Kotse



at iba pa.

◆ Inaasahang Tanong ◆

Tanong 1: Ano ang tawag sa sistemang makaltas ang kasunduan sa door-to-door sales sa loob ng takdang panahon?

☞ **Sagot: cooling-off**

Tanong 2: Sino ang kinakalinga ng sistema ng cooling-off?

☞ **Sagot: mamimili**

(3) Product Liability Law (PL Law, Batas sa Pananagutan sa Produkto)

- ◆ **Ano:** Ang batas na nagbibigay ng tungkuling saklolohan ang napinsala sa mga gumawa ng paninda kapag napinsala ang mamimili dahil sa kasamaan ng paninda.

◆ Pang Level-up na Tanong ◆

Isulat ang naaangkop na salita sa () ukol sa Product Liability Law.

(1) May pumunta sa convenient store na malapit sa kanyang bahay, na hindi pinatay ang TV. Habang nasa labas siya, nasunog ang kanyang bahay dahil sa apoy na lumabas galing sa saksakan ng TV. Ang kalahati ng kanyang bahay ang napinsala.



(2) Kapag may suliranin dahil nasunog ang bahay, maaaring isangguni iyan sa (). Ipapaalam ang halaga ng nasunog na mga bagay at ipapadala din ang kopya ng sertipikong napinsala sa kapahamakan sa ().



(3) Isusuri ang nasunog na TV at liliwanagin ang dahilan ng sunog.



(4) Ibibigay ng kompanyang gumawa ng TV ang kabayaran sa napinsala. Kung mapapatawad ng pinsala ang kompanya sa pagtanggap ng halagang iyan, lulutasin na ito.

☞ Sagot: Association for Electric Home Appliances (sa dalawang blank)

(4) Antimonopoly Law (Batas Laban sa Pagsarili)

◆ Kailan: 1947

◆ Ano: Pag ipinagpapatuloy ang monopolyo (pagsarili) sa market, ang ilang kompanya lamang ang makasariling nagtatakda ng halaga at dami ng paninda. Ang bunga nito ay makasasama sa mga mamimili. Itinatag ang batas na ito upang alisin ang kasiraang ito, bawiin ang tuntunin (prinsipyo) ng kompetensya at kalingain ang kapakinabangan ng mga mamimili. Ang Fair Trade Commission ang nangangasiwa nito.


→ Fair Trade Commission ⇨ Kabanata 4 (5)

◆ **Tanong Noong Nakaraang Pasukan na Pagsusulit** ◆ (Prepektura ng Hyogo, binago)

Dahil ang monopolyo (pagsarili) sa market, na ginawa ng isa o ilang mga kompanya lamang ay maaaring makasasama sa mga mamimili, itinatag noong taong 1947 ang batas upang panatilihin ang makatarungang at malayang kompetensya at kalingain ang kapakinabangan ng mga mamimili at mabuting pag-unlad ng pambansang pangkabuhayan, at pinapangasiwaan ito ng Fair Trade Commission.

Isulat ang pangalan ng batas na ito.

⇨ Sagot: Antimonopoly Law



(5) Fair Trade Commission (Komisyon sa Makatarungang Kalakalan)

- ◆ Ano: Kapulungang ginawa noong taong 1947 upang matupad ang layunin ng “Antimonopoly Law”.
Isa sa mga organisasyon ng pamahalaan ng bansang Hapon, na nasa baba ng Kataas-taasang Ministro (Prime Minister).
- ◆ Layunin: Upang kalingain ang kapakinabangan ng mga mamimili sa pagbabawal ng di-makatarungang monopoly.
→ Antimonopoly Law ☞ Kabanata 4 (4)

◆ Inaasahang Tanong ◆

Anong organisasyon ng bansa ang nangangasiwa sa Antimonopoly Law?

☞ Sagot: Fair Trade Commission

◆ Pang Level-up na Tanong ◆

Tanong 1: Piliin mula sa ang naaangkop na salita sa sumusunod na mga blank at isulat.

Antimonopoly Law ay batas upang tasahan at D ang B sa A at di-makatarungang C , at kalingain ang F ng mga E .

kapakinabangan / monopoly / market / mamimili / ipagbawal / kalakalan

☞ Sagot: A. market, B. monopoly, C. kalakalan, D. ipagbawal, E. mamimili, F. kapakinabangan

(6) Official Discount Rate

- ◆ Ano: Ang panumbasan ng tubo (interest) kapag naghiram ang Bangko ng Bansang Hapon sa pangkaraniwang bangko.
Ang Bangko ng Bansang Hapon ay tanging bangkong itinatag base sa “Batas ng Bangko ng Bansang Hapon”.
Ang Bangko ng Bansang Hapon ay may 3 punong tungkulin at ang official discount rate ay may kaugnayan sa (3).

(1) Bangkong naglalabas ng salaping papel

Ito ay naglalabas ng salaping papel. Nakasulat ang “Salaping Papel ng Bangko ng Bansang Hapon” sa salaping papel.

(2) Bangko ng pamahalaan

Inilalagak muna sa Bangko ng Bansang Hapon ang buwis na binayaran ng mga mamamayan. Ibig sabihin, ang Bangko ng Bansang Hapon ay may tungkulin ng kahang-bakal ng pamahalaan.

(3) Bangko ng mga bangko

Ang pangkaraniwang bangko ay naglalagak at humihiram ng pera sa Bangko ng Bansang Hapon tulad ng tayo ay naglalagak at humihiram ng pera sa pangkaraniwang bangko. Ibig sabihin, ang Bangko ng Bansang Hapon ay “bangko ng mga bangko”.


Kapag humiram tayo ng pera sa pangkaraniwang bangko, dapat bayaran ang hiniram na may kasamang tubo (interest).

Ang “tubo (interest)” ay karagdagang halagang natatanggap ng naghiram ng pera bilang ganti. Dapat ding idagdag ang tubo sa babayaran halagang hiniram ng pangkaraniwang bangko sa Bangko ng Bansang Hapon. Ang panumbasan ng tubong ito ay tinatawag na “official discount rate”. Ang Bangko ng Bansang Hapon ay nagpapababa ng official discount rate kapag masama ang kalagayan ng pangkabuhayan at nagpapataas nito kapag maganda.

(7) Bubble Economy

- ◆ Ano: Ang pangkabuhayan na biglang tumaas ang halaga ng aksiyon at lupa mula noong huling bahagi ng panahon ng 1980 hanggang unang bahagi ng panahon ng 1990.

Tinatawag na bubble ang kalagayan na ang halaga ng ari-arian tulad ng lupa at kasangkapan ay masyadong tumaas kaysa sa wastong halaga dahil sa di-karaniwang sigasig na makipagsapalaran (pagnanais ng mga maraming tao na bumili ng kasangkapan). Tinatawag ito na “bubble” base sa imahen na lumaki, walang laman at pumutok.






(8) Labor Standards Law (Batas sa Huwaran ng Pagtatrabaho)

◆ Ano: Batas upang ipagtanggol ang mga trabahador.

Isa sa tatlong batas ukol sa pagtatrabaho.

(Bukod dito ay Labor Union Law, Labor Relations Adjustment Law.)

◆ Kailan: 1947



at iba pa.

◆ **Tanong Noong Nakaraang Pasukan na Pagsusulit** ◆ (Prepektura ng Okinawa)

Ano ang tawag sa batas na nagtatag ng pinakamababang huwaran ng kalagayan ng pagtatrabaho?

☞ Sagot: Labor Standards Law


(9) Tumataas na Pagpapataw ng Buwis (Progressive Taxation)

- ◆ Ano: Sistemang tumataas ang panumbasan ng buwis ayon sa pagdarami ng kita. Pamamaraan ng pagpapataw ng buwis na tumataas ang panumbasan ng buwis kung dumami ang kita. Sa bansang Hapon, ginagamit ang sistemang ito sa buwis sa kita, buwis sa mana at iba pa.
- ◆ Bunga: Maaaring ibahagi muli ang kita at paliitin ang agwat sa pagitan ng mayaman at mahirap.

Tanong Noong Nakaraang Pasukan na Pagsusulit (Prepektura ng Hyogo)

May kasamang buwis sa kita sa “buwis” sa graph. Ginagamit ang mas mataas na panumbasan ng buwis sa mga nakukuhang mas maraming kita. Ano ang tawag sa ganitong sistema ng pagpapataw ng buwis?

☞ Sagot: progressive taxation system



Inaasahang Tanong

Ano ang tawag sa sistemang tumataas ang panumbasan ng buwis ayon sa pagdarami ng kita, na ginagamit sa buwis sa kita at buwis sa pagtira?

☞ Sagot: progressive taxation (system)

Pang Level-up (Panumbasan ng Buwis sa Kita noong 2011)

Halaga ng Kitang Ipinapataw (Hindi isinasama ang mas mababa sa 1,000 yen)	Panumbasan ng Buwis	Halagang Nababawas (yen)
1,950,000 o mas mababa	5%	0
Mas mataas sa 1,950,000 hanggang 3,300,000	10%	97,500
Mas mataas sa 3,300,000 hanggang 6,950,000	20%	427,500
Mas mataas sa 6,950,000 hanggang 9,000,000	23%	636,000
Mas mataas sa 9,000,000 hanggang 18,000,000	33%	1,536,000
Mas mataas sa 18,000,000	40%	2,796,000

<http://www.nta.go.jp/taxanswer/shotoku/2260.htm>

Ang halagang nababawas na itinuro sa tala ay halagang nababawas galing sa halaga ng buwis depende sa halaga ng kitang ipinapataw.

Halimbawa kapag 6,500,000 yen ang halata ng kitang ipinapataw, ang buwis na dapat bayaran ay $6,500,000 \times 0.2 - 427,500 = 872,500$ yen.

(10) Buwis sa Kita (Income Tax)

- ◆ Ano: Buwis na ipinapataw sa kita ng isa't isang tao.
- ◆ Halimbawa: Nagtatrabaho ang ama o ina. Binibigyan sila ng pera kapalit ng trabaho. Tinatawag na “*shotoku*” (kita) ang perang iyan. Magbabayad sila ng buwis sa bansa base sa kitang iyan. Tinatawag ito na “*shotoku ze*” (buwis sa kita).

◆ Tanong Noong Nakaraang Pasukan na Pagsusulit ◆ (Prepektura ng Hyogo)

Ang graph sa ibaba ay nagtuturo ng uri ng pambansang buwis noong fiscal year 2000. Isulat ang naaangkop na uri ng buwis sa (1).

Graph: Mga uri ng pambansang buwis noong fiscal year 2000
(Base sa “Statistics of Japan, 2001”)

(1) 36.9%	Buwis sa kompanya 19.6%	Buwis sa paggamit 19.5%	Iba pa 20.3%
----------------	-------------------------------	-------------------------------	-----------------

Buwis sa alak 3.7%

☞ Sagot: buwis sa kita

◆ Pang Level-up na Tanong ◆

Isulat ang tamang sagot sa sumusunod na mga ().

- Ang halagang inilalagay sa mga paninda ay tinatawag na (1).
- Ang halagang binabayaran sa serbisyo katulad ng koreo, kuryente, gas, tubig at tren ay tinatawag na (2).
- Ang bumibili ng mga bagay ay tinatawag na (3).
- Ang gumagawa ng mga bagay ay tinatawag na (4).
- Ang buwis na binabayaran depende sa sari-sariling kita ay tinatawag na (5).

☞ Sagot: (1) presyo, (2) gastos sa pampublikong kagamitan, (3) mamimili, (4) tagagawa, (5) buwis sa kita

(11) Buwis sa Paggamit (Consumption Tax)

◆ Ano: Ang buwis na kailangang bayaran kapag binili ang paninda o ibinigay ang serbisyo.

Halimbawa 5% ang buwis sa paggamit sa kasalukuyan (taong 2012). Dapat bayaran ang 105 yen kapag binili ang 100 yen na paninda dahil kailangang bayaran ang 5% na buwis sa paggamit.

◆ Sangguniang URL: <http://www.nta.go.jp/>

◆ Inaasahang Tanong ◆

Ano ang tawag sa kaugaliang di-direktang buwis na ipinapataw sa pagbili at paggamit ng paninda at serbisyo?

☞ Sagot: buwis sa paggamit (consumption tax)

◆ Pang Level-up na Tanong ◆

Tanong: Ang isang aklat na 500 yen, dalawang pambura na 100 yen sa bawa't isa at dalawang notebook na 250 yen sa bawa't isa ang iyong binili. Magkano ang buwis sa paggamit (consumption tax)?

☞ Sagot: 60 yen

(12) Panlipunang Segro (Social Insurance)

- ◆ **Ano:** Isang uring panlipunang kaligtasan.
Ang sistemang iniipon ng mga suskritor ang pera unti-unti sa karaniwang buhay kung sakaling may sakit o aksidente, mawawalan ng trabaho at para sa pamumuhay kapag tumanda na, at bibigyan sila ng pera kapag kailangan na.
- ◆ **Ang panlipunang kaligtasan ay:** Ang sistema upang panagutan ang pamumuhay sa pinakamababang kapantayan sa pamamagitan ng lakas ng buong lipunan.
Panlipunang segro (social insurance), pampublikong tulong (public assistance), panlipunang kagalingan (social welfare) at iba pa.
- ◆ **Bakit nagawa:** Iniisip dati na sari-sariling pananagutan ang dahilan ng kahirapan, halimbawa mahirap siya dahil wala siyang kakayahan at tinatamad siya. Subali't kapag nag-unlad ang pangkabuhayan ng kapitalismo at naging magulo ang sistema sa lipunan, dumami ang nawalan ng trabaho tuwing masama ang kalagayan ng pangkabuhayan at dumami din ang mga mahirap pa kahit na nagtatrabaho nang nagtatrabaho. Hindi na naaalís ang pag-aalaala sa pamumuhay sa pamamagitan ng sari-sariling lakas lamang. Dahil dito, iniisip na dapat lutasin ang mga ganitong suliranin sa pamamagitan ng lakas ng bansa at buong lipunan. Nagsimula ang ganitong isip dahil nag-unlad ang demokrasya at laganap ang karapatang pantao.

◆ Inaasahang Tanong ◆

- Tanong 1:** Alin sa a o b ang talagang maling paliwanag ukol sa kagalingan sa bansang Hapon sa kasalukuyan? Sagutin sa gamit ng itinakdang alpabeto at iwasto ang mali.
- a. Nabibigatan ang mga mamamayang 20 taong gulang o mas matanda sa pagbayad ng halaga ng segro sa pag-aalaga (nursing care insurance fee) dahil dumami ang matandang nangangailangan ng pag-aalaga.
 - b. Sinasabing magiging 65 taong gulang o mas matanda ang 1/4 ng mamamayan ng bansang Hapon sa unang kalahating bahagi ng ika-21 siglo.


☞ Sagot: a. 20 taong gulang o mas matanda → 40 taong gulang o mas matanda

- Tanong 2:** Sagutin ang pangalan ng panlipunang segrong naaangkop sa (1)-(2).
- (1) Ito ay pinapanagutan kapag may sakit o aksidente habang nagtatrabaho ang trabahador.
 - (2) Ang sistemang binibigyan ang nawalan ng trabaho ng pera sa kaligtasan sa takdang panahon.

☞ Sagot: (1) workers' accident compensation insurance (2) employment insurance

(13) Sistema ng Segro sa Pag-aalaga (Nursing Care Insurance System)

- Ang mga taong 65 taong gulang o mas matanda.
- Ang mga taong 40-64 taong gulang na kinakailangan ang pag-aalaga dahil sa sakit na ang sanhi ay pagtanda.



Ang 10% ng gastos dito ay binabayaran ng gumagamit ng serbisyo at ang natira ay binabayaran ng pampublikong pondo (buwis at insurance fee).

◆ Inaasahang Tanong ◆


Ang “karapatang mabuhay nang malusog at kultural sa pinakamababang kapantayan” na saligan ng karapatang panlipunan ay tinatawag na karapatang mabuhay. Naayos ang sistema para sa kaligtasang panlipunan (social security system) upang panagutan ito. Isulat ang sistemang isinasagawa mula noong 2000 upang makatugon sa tumatandang lipunan (aging society).

☞ Sagot: Sistema ng Segro sa Pag-aalaga (Nursing Care Insurance System)

Pahina Ukol sa Buwis

I Saan Galing at Patungo ang Buwis?

Binayaran ang buwis ng tao at kompanya.




Pambansang Opisina ng Buwis / Opisina ng Buwis sa Prepektura at iba pa / Munisipyo at iba pa

Ang uri ng buwis ay tatlo.
· Binabayaran sa bansa
· Binabayaran sa prepektura at iba pa
· Binabayaran sa lungsod at iba pa



<http://www.mapion.co.jp/html>



Nagbibigay ang bansa, prepektura, lungsod at iba pa ng iba't ibang serbisyo sa ating pamumuhay.



II Mga Uri ng Buwis

[Pambansang Buwis] Buwis na binabayaran sa bansa

[Lokal na Buwis] Buwis na binabayaran sa prepektura, o city, ward, town, village

		Tuwirang Buwis Magkapareho ang nagbabayad at pinatatawan. 	Di-tuwirang Buwis Hindi magkapareho ang nagbabayad at pinatatawan. 
Pambansang Buwis		<p>Buwis sa Kita (Income Tax) Binabayaran galing sa sahod ng isang taon.</p> <p>Buwis sa Kompanya (Corporation Tax) Ang kompanya ang nagbabayad.</p> <p>Buwis sa Mana (Inheritance Tax) Binabayaran kapag ibinigay ang pera, lupa at iba pa ng yumao.</p>	<p>Buwis sa Paggamit (Consumption Tax) Kasama sa halaga ng paninda at iba pa.</p> <p>Buwis sa Alak (Liquor Tax) Kasama sa halaga ng serbesa at alak.</p> <p>Buwis sa Gasolina (Gasoline Excise) Kasama sa halaga ng gasolina.</p> <p>Buwis sa Sigarilyo (Cigarette Tax) Kasama sa halaga ng sigarilyo.</p> <p>Taripa (Tariff) Binabayaran kapag binili ang paninda ng ibang bansa.</p>
Lokal na Buwis	Buwis ng Prepektura	<p>Buwis ng Prepektura (Prefectural Tax) Ang mamamayan sa prepektura ang nagbabayad.</p> <p>Buwis sa Negosyo (Business Tax) Ang nagnenegosyo sa sarili o sa kompanya ang nagbabayad.</p> <p>Buwis sa Kotse (Automobile Tax) Ang may kotse ang nagbabayad.</p>	<p>Buwis sa Sigarilyo ng Prepektura (Prefectural Cigarette Tax) Binabayaran ng nagtitingi sa prepektura kapag binili ang sigarilyo galing sa nagpapakyaw at iba pa.</p> <p>Buwis sa Paggamit ng Golf Course (Golf Course Utilization Tax) Binabayaran kapag ginagamit ang golf course.</p>
	Buwis ng City, Ward, Town, Village	<p>Buwis ng Lungsod (Municipal Tax) Ang mamamayan sa lungsod ang nagbabayad.</p> <p>Buwis sa Ari-arian (Fixed Property Tax) Buwis na ipinapataw sa lupa at bahay.</p>	<p>Buwis sa Sigarilyo ng Lungsod (Municipal Cigarette Tax) Binabayaran ng nagtitingi sa lungsod kapag binili ang sigarilyo galing sa nagpapakyaw at iba pa.</p> <p>Buwis sa Pagpasok sa Hot Spring (Hot-spring Tax) Binabayaran kapag pumasok sa hot spring.</p>

III Mga Tanong

i Sagutin ang mga tanong katulad ng halimbawa.

Halimbawa: Anong uring buwis ang ipinapataw sa pagbili ng serbesa?

(pambansang buwis / lokal na buwis) (tuwirang buwis / di-tuwirang buwis)

(1) Anong uring buwis ang ipinapataw sa sahod na ibinibigay ng kompanya sa iyong ama?

(pambansang buwis / lokal na buwis) (tuwirang buwis / di-tuwirang buwis)

(2) Anong uring buwis ang ipinapataw sa halaga ng lapis?

(pambansang buwis / lokal na buwis) (tuwirang buwis / di-tuwirang buwis)

(3) Anong uring buwis ang ipinapataw sa pagpasok sa hot spring?

(pambansang buwis / lokal na buwis) (tuwirang buwis / di-tuwirang buwis)

ii Alin sa sumusunod na mga bansa ang nagpapataw ng pinakamataas na buwis sa paggamit (consumption tax)? (Sa fiscal year 2010)

a. Iceland, b. Poland, c. Argentina, d. Korea, e. Japan

Sanggunian: Zenkoku Kanzeikai Sorengokai
“Panumbasan ng Buwis sa Paggamit (VAT) sa Daigdig” (Sa fiscal year 2010)

Sagot

i Sagutin ang mga tanong katulad ng halimbawa.

Halimbawa: Anong uring buwis ang ipinapataw sa pagbili ng serbesa? ←Buwis sa alak

(pambansang buwis / lokal na buwis) (tuwirang buwis / di-tuwirang buwis)

(1) Anong uring buwis ang ipinapataw sa sahod na ibinibigay ng kompanya sa iyong ama? ←Buwis sa kita

(pambansang buwis / lokal na buwis) (tuwirang buwis / di-tuwirang buwis)

(2) Anong uring buwis ang ipinapataw sa halaga ng lapis? ←Buwis sa paggamit

(pambansang buwis / lokal na buwis) (tuwirang buwis / di-tuwirang buwis)

(3) Anong uring buwis ang ipinapataw sa pagpasok sa hot spring?

←Buwis sa pagpasok sa hot spring

(pambansang buwis / lokal na buwis) (tuwirang buwis / di-tuwirang buwis)

ii Alin sa sumusunod na mga bansa ang nagpapataw ng pinakamataas na buwis sa paggamit (consumption tax)? (Sa fiscal year 2010)

<u>a. Iceland</u> ,	b. Poland,	c. Argentina,	d. Korea,	e. Japan
(25.5%)	(22%)	(21%)	(10%)	(5%)

Sanggunian: Zenkoku Kanzeikai Sorengokai
“Panumbasan ng Buwis sa Paggamit (VAT) sa Daigdig” (Sa fiscal year 2010)

Talatuntunan (Index)

あ

APEC (アジア太平洋経済協力会議) … 4	
APEC (Asia-Pacific Economic Cooperation, Kooperasyong Ekonomiko sa Asya-Pasipiko)	
ASEAN (東南アジア諸国連合) … 3	
ASEAN (Association of Southeast Asian Nations, Samahan ng mga Bansa sa Timog-Silangang Asya)	
NGO (非政府組織) … 1	
NGO (Nongovernmental Organization, Di-Pampamahalaang Organisasyon)	
安全保障理事会 … 6	
Kapulungang Pangkapayapaan (Security Council)	
違憲立法審査権 … 34	
Kapangyarihang Magsiyasat ng Pagtatatag ng Batas sa Labag sa Konstitusyon	
ODA (政府開発援助) … 2	
ODA (Official Development Assistance)	

か

介護保険制度 … 48	
Sistema ng Segro sa Pag-aalaga (Nursing Care Insurance System)	
環境基本法 … 11	
Saligang Batas Para sa Kapaligiran	
議院内閣制 … 30	
Sistemang Parlamento ng Pamahalaan (Parliamentary System of Government)	
拒否権 … 7	
Kapangyarihang Beto (Veto Power)	
クーリングオフ制度 … 37	
Sistema ng Cooling-off	
刑事裁判 … 31	
Pangkriminal na Paglilitis	

検察官 … 33	
Taga-usig (Piskal)	
公共の福祉 … 20	
Pampublikong Kapakanan	
公共料金 … 36	
Gastos sa Pampublikong Kagamitan	
公正取引委員会 … 40	
Fair Trade Commission (Komisyon sa Makatarungang Kalakalan)	
公定歩合 … 41	
Official Discount Rate	
国民主権 … 19	
Dakilang Kapangyarihan ng Mamamayan	
国民審査 … 35	
Pagsisiyasat ng Mamamayan	
国民の義務 … 21	
Tungkulin ng Mamamayan	
国会 … 26	
Batasan (Diet)	

さ

酸性雨 … 10	
Asidong Ulan (Acid Rain)	
社会権 … 17	
Karapatang Panlipunan (Social Right)	
社会保険 … 47	
Panlipunang Segro (Social Insurance)	
衆議院 … 28	
Kapulungan ng Mga Kinatawan	
自由権 … 18	
Karapatan sa Kalayaan	
消費税 … 46	
Buwis sa Paggamit (Consumption Tax)	

条例 ^{じょうれい}	23
Kautusan (Ordinance)	
所得税 ^{しよとくぜい}	45
Buwis sa Kita (Income Tax)	
製造物責任法 ^{せいぞうぶつせきにんぽう} (PL法) ^{ほり}	38
Product Liability Law (PL Law, Batas sa Pananagutan sa Produkto)	
生存権 ^{せいぞんけん}	16
Karapatang Mabuhay (Right to Live)	

た

WTO (世界貿易機関) ^{せかいぼうえききかん}	5
WTO (World Trade Organization, Organisasyon ng Pandaigdigang Kalakalan)	
男女共同参画社会基本法 ^{だんなしよきょうどうさんかくしよかいきほんぽう}	14
Saligang Batas Para sa Lipunan na May Pagkapantay-pantay ng Lalaki at Babae (Basic Act for Gender-Equal Society)	
男女雇用機会均等法 ^{だんなしよこようきかいきんとうぽう}	13
Batas Para sa Pagkapantay-pantay ng Pagkakataon ng Lalaki at Babae sa Trabaho (Act on Securing etc. of Equal Opportunity and Treatment Between Men and Women in Employment)	
地球温暖化 ^{ちきゅうおんなんか}	9
Pag-init ng Daigdig (Global Warming)	
地方交付税交付金 ^{ちほうこうふぜいこうふきん}	24
Pinagbabahaging Badyet sa Lokal na Buwis	
直接請求権 ^{ちよくせつせいきゅうけん}	25
Karapatan sa Direktang Paghiling	
独占禁止法 ^{どくせんまんとしぽう}	39
Antimonopoly Law	

な

内閣 ^{ないかく}	29
Gabinete	

は

バブル経済 ^{ばぶるけいぎ}	42
Bubble Economy	

バリアフリー.....	15
Walang Hadlang (Barrier-free)	
プライバシーの権利 ^{ぷらいばしーのけんり}	22
Karapatan sa Pagsasarili (Right to Privacy)	

ま

民法 ^{みんぽう}	12
Kodigo Sibil (Civil Code)	

や

UNESCO (国際連合教育科学文化機関) ^{こくさいれんごうきょうがくぶんかきかん} ...	8
UNESCO (United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization, Kapisanang Pang-edukasyon, Pang-aguham, Pangkalinangan ng Nagkakaisang mga Bansa)	

ら

累進課税 ^{らいしんかぜい}	44
Tumataas na Pagpapataw ng Buwis (Progressive Taxation)	
労働基準法 ^{らうどうきじゅんぽう}	43
Labor Standards Law (Batas sa Huwaran ng Pagtatrabaho)	

発行年月日：2012（平成24年）3月31日

作成・編集：子ども多文化共生センター・姫路獨協大学大学院言語教育研究科
日本語コース

翻訳：大塚 敬史・窪田 有莉

高橋 卓也・寺本アナリングバラネ

矢元 貴美

発行：子ども多文化共生センター

〒659-0031 芦屋市新浜町1-2 電話 0797(35)4537

協力：姫路獨協大学外国語学部外国語学科 教授 山崎 恵 氏